BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

Environmental Democracy Project
Advocacy Education Litigation

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Hulyo 17, 2024
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin at Environmental Democracy Project, Inanunsyo ang Landmark na Kasunduan sa Settlement

SAN FRANCISCO – Ikinagagalak ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area at Environmental Democracy Project na ianunsyo ang isang landmark na kasunduan sa settlement, na idinisenyo para mas magsulong ng transparency, kalusugan ng publiko, at katarungan sa kapaligiran.

Positibong nakasundo ng Distrito ng Hangin ang Environmental Democracy Project na tugunan ang mga alalahanin sa komunidad at pahusayin ang mga kasanayan sa pag-uulat at pakikipag-ugnayan sa publiko sa ilalim ng Air Toxics “Hot Spots” Information and Assessment Act ng 1987.

“Napakahalagang hakbang ng kasunduang ito sa aming mga pagsisikap na protektahan ang kalusugan ng publiko at siguruhin ang transparency,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Lubos naming ipinagpapasalamat ang collaboration sa Environmental Democracy Project at hindi na kami makapaghintay na magkasamang ituloy ang aming mithiin. Sa pagsasapriyoridad ng transparency, naibibigay namin sa publiko ang impormasyong kailangan nila para sa mas malinis na hangin at kapaligirang hindi nakakasama sa kalusugan.”

“Nasasabik ang Environmental Democracy Project sa kasunduang ito at hindi na ito makapaghintay na makipagtulungan sa Distrito ng Hangin,” sabi ni Tanya Boyce, ang tagapagpaganap na direktor ng Environmental Democracy Project. “Talagang makakatulong ito para sa ating mga komunidad, dahil maibibigay sa kanila ang mahalagang impormasyon na kailangan nila para maunawaan ang mga panganib sa kalusugan na dulot ng mga pang-industriyang emisyon. Mas napapabuti ang mga bagay-bagay sa demokrasyang may paglahok ng mga tao, at ang kasunduang ito ay isang magandang halimbawa ng kung paano puwedeng magresulta ang pagbibigay ng kaalaman sa mga residente sa mas mahihigpit na proteksyon sa kapaligiran, at mas masasayang komunidad na malayo sa sakit. Talagang nasasabik na kaming magkasamang ituloy ang mahalagang mithiing ito!”

Bilang bahagi ng kasunduang ito, may ipinangako ang Distrito ng Hangin na ilang mahalagang pagkilos:

- **Mga Taunang Ulat sa Panganib sa Kalusugan:** Maglalabas ang Distrito ng Hangin ng mga taunang ulat na nagsasaad sa mga pang-industriyang pasilidad na puwedeng magdulot ng cancer at iba pang banta sa kalusugan. Makakakita sa mga ulat na ito ng

impormasyon tungkol sa mga emisyon ng nakakalasong pollutant sa hangin ng bawat pasilidad, at ipapamahagi ang mga ito sa mga lupon ng mga supervisor ng county, konseho ng lungsod, at lokal na opisyal sa kalusugan.

- **Mga Pampublikong Pagdinig:** Magdaraos ang Distrito ng Hangin ng mga pampublikong pagdinig para ipresenta ang mga ulat na ito at talakayin ang kahalagahan ng mga ito, para matiyak na may oportunidad ang komunidad na magbigay ng opinyon sa mga napag-alaman at maunawaan ang mga implikasyon ng mga ito.

- **Komprehensibong Mapa ng Pasilidad**: Magsasama ang Distrito ng Hangin ng impormasyon tungkol sa mga emisyon ng bawat pasilidad sa komprehensibong mapa ng pasilidad sa website nito. Kung mas madaling maa-access ang impormasyong ito, magsisilbi itong mahalagang instrumento para sa mga miyembro ng komunidad na naglalayong maunawaan ang mga lokal na panganib sa kalusugan kaugnay ng kapaligiran.

Patuloy na makikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa mga stakeholder sa komunidad, pati sa Environmental Democracy Project, para matiyak na ang mga residenteng nakatira malapit sa mga pang-industriyang pasilidad ay may sapat na kaalaman tungkol sa mga panganib sa kalusugan mula sa mga emisyon.

Sinisikap ng Environmental Democracy Project na tiyaking ang lahat ng komunidad, partikular na ang mga pinakaapektado ng pang-industriyang polusyon, ay may boses sa mga proseso ng pagpapasya kaugnay ng kapaligiran. Isinusulong ng EDP ang transparency, pananagot, at katarungan sa pamamalakad na nauugnay sa kapaligiran.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X/Twitter, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*